



2016 National Women's Month Celebration

Kapakanan ni Juana, Isama sa Agenda!
(Include Women in the Agenda)

Instructions:

1. Sagutan ang pangunahing impormasyon
2. Markahan [●] ang limang (5) priority agenda na nais mong bigyang-pansin ng pamahalaan
3. Kung mayroong agenda na wala sa listahan, markahan ang huling item at isulat ang naturang isyu o agenda

Pangunahing Impormasyon (isulat ng malinaw)

_____ Lagda

Buong Pangalan _____

Edad _____ Kasarian _____

Lungsod/Munisipyo/Probinsya _____

Ahensya/Organisasyong kinabibilangan _____

Trabaho/Propesyon _____

Ang karapatang pantao, ito man ay patungkol sa civil, political, social, cultural, o economic, ay pantay-pantay at hindi nahahati. Upang masiguro ang patuloy na pagsasakatuparan ng karapatan ng kababaihan, ako ay nananawagan na maisama ang limang (5) isyu na ito sa pagkatha ng mga development agenda at iba pang plano at programa ng pamahalaan. Kasama ako ng mga kababaihan at kalalakihan sa buong Pilipinas na nananawagang: **"Kapakanan ni Juana, Isama sa Agenda!"**

Economic Empowerment

- Pinahusay na access sa lupa, patubig, kapital, merkado at mga teknolohiya sa pagsasaka
- Higit na gender-responsive na polisiya sa komersyo at pakikipagkalakalan
- Pinaigting na pangangalaga at pagtulong sa mga babaeng manggagawa na biktima ng iba't ibang uri ng pang-aabuso sa ibang bansa

Social Development

- Pinalawak na access sa abot-kaya at komprehensibong serbisyong pangkalusugan
- Pinaigting na social protection para sa mga kababaihan sa informal economy at iba pang vulnerable groups
- Pagsiguro sa gender at culture sensitivity ng mga paaralan at training institutions

Security, Justice and Peace

- Pinalawak na convergence ng mga gawain para sa pamayanan na payapa, tahimik, at ligtas sa karahasan
- Higit na mahusay na access sa pagkakamit ng hustisya para sa mga biktima ng pang-aabuso at karahasan lalo na para sa mga kababaihang may kapansanan at iba pang vulnerable groups

Climate Change and Disaster Risk Reduction

- Mas pinaigting na awareness-raising at pakikilahok ng mga kababaihan sa usapin ng climate change adaptation at disaster risk reduction and management
- Gawing regular ang programa para sa pagkakaroon ng women at child-friendly spaces sa mga evacuation center

Gender-responsive Governance

- Pagpapahusay ng pakikilahok at pangunguna ng kababaihan sa larangan ng leadership at decision-making
- Higit na positibong paglalarawan ng mga kababaihan sa lahat ng uri ng media
- Tama at makatuwirang paggamit ng Gender and Development (GAD) Budget
- Pinahusay na pagpapalaganap ng kaalaman tungkol sa mga programa at serbisyo para sa kababaihan
- Pagsasabatas ng polisiya ukol sa women's empowerment at gender equality, tulad ng: _____
- Iba pang agenda _____